


# Edukasyon sa Pagpapakatao

**Ikatlong Markahan – Modyul 9:  
Pagtutugma ng mga Personal na Salik  
Para sa Pinaplanong Kurso**



**Edukasyon sa Pagpapakatao – Ikapitong Baitang  
Alternative Delivery Mode  
Ikatlong Markahan – Modyul 9: Pagtutugma ng mga Personal na Salik Para  
sa Pinaplanong Kurso**

**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon  
Kalihim: Leonor Magtolis Briones  
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Thelma M. Salvacion, Joey Clarito M. Semilla, Rowel S. Laririt

**Language Editor:** Florenil M. Malabayabas

**Tagasuri:** Annabelle M. Marmol, Mariam B. Rivamonte, Nestor T. Rualo

**Tagaguhit:** Joey Clarito M. Semilla, Nancy M. Hintay

**Tagalapat:** Thelma M. Salvacion, Magnolia M. Mabuo-Delos Santos

**Tagapamahala:** Benjamin D. Paragas, Mariflor B. Musa, Freddie Rey R. Ramirez,  
Danilo C. Padilla, Annabelle M. Marmol, Lany M. Semilla, Mariam B. Rivamonte,  
Nestor T. Rualo

**Inilimbag sa Pilipinas ng \_\_\_\_\_**

**Department of Education – MIMAROPA Region**

Office Address: Meralco Ave., cor. St. Paul Road, Pasig, City

Telefax: 02-8631-4070

E-mail Address: mimaropa.region@deped.gov.ph

# **Edukasyon sa Pagpapakatao**

**Ikatlong Markahan – Modyul 9:  
Pagtutugma ng mga Personal na Salik  
Para sa Pinaplanong Kurso**

## **Paunang Salita**

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anomang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



## **Alamin**

Naisagawa mo ba ang pagbuo ng Personal na Pahayag ng Misyong ng iyong buhay batay sa iyong napag-aralang mga hakbang sa mabuting pagpapasiya?

Binabati kita!!! Lubhang napakahalaga ang nagawa mong Personal na Pahayag ng Misyong sa Buhay o “Personal Mission Statement” sa dahilang alam mo na ang gusto mong mangyari sa iyong buhay. Sa madaling salita, may direksyon na ang iyong buhay ayon sa iyong kagustuhan.

Hindi ka na mahihirapan para sa mahahalagang pagpapasiya sa iyong buhay. Ang iyong “Personal Mission Statement” ay ang pagtatakda ng malinaw at makatotohanang mithiin na gabay sa iyong tamang pagpapasiya upang makamit ang tamang direksiyon at matupad ang mga pangarap mo sa iyong buhay.

Sa modyul na ito, inaasahang maipamamalas mo ang sumusunod na kaalaman, kakayahan at pag-unawa:

*(Most Essential Competencies-MELC)*

1. Naipaliliwanag na mahalaga ang;

- a. pagtatakda ng malinaw at makatotohanang mithiin dahil ito ay nagsisilbing gabay sa tamang pagpapasiya upang magkaroon ng tamang direksyon sa buhay at matupad ang mga pangarap
- b. pagtutugma ng mga personal na salik at mga kailanganin (requirements) sa pinaplanong kursong akademiko o teknikal-bokasyonal, sining o isports, negosyo o hanapbuhay upang maging produktibo at makibahagi sa pag-unlad ng ekonomiya ng bansa
- c. pag-aaral dito ay naglililang ang mga kasanayan, pagpapahalaga, talento at mga kakayahang makatutulong; sa pagtatagumpay sa pinaplanong buhay, negosyo o hanapbuhay



## **Subukin**

**Panuto:** Piliin ang titik ng tamang salita, o pahayag na tinutukoy sa mga pangungusap sa ibaba. Isulat ang titik ng tamang sagot sa iyong kuwaderno.

1. Ito ay tumutukoy sa isang pambihirang biyaya at likas na kakayahan ng isang tao.  
A. Talento                      B. Hilig                      C. Interes                      D. Mithiin
2. Ito ay isa sa mga maituturing na mahahalagang salik sa paghahanda kung saan tayo ay mahusay at magaling.  
A. Talento                      C. Mithiin  
B. Interes                      D. Pagpapahalaga
3. Isa sa mga katangian na dapat nating taglayin upang maabot ang mga ninanais natin sa buhay at makapaglingkod nang may pagmamahal sa bayan bilang pakikibahagi sa pag-unlad ng ating ekonomiya.  
A. Interes                      B. Pagpapahalaga                      C. Mithiin                      D. Talento
4. Sa pagkamit ng ating mga pangarap o mithiin, mahalaga na maitakda natin ito sa pamamagitan ng pamantayan. Sa mga sumusunod na hakbang alin ang HINDI kabilang?  
A. Tiyak o Specific  
B. Nasusukat o Measurable  
C. Naaabot o Attainable  
D. Naisasagawa/Naisasabuhay
5. Mahalaga ring maitakda natin ang ating mga layunin sa pagkamit ng ating mga mithiin o pangarap na nakatuon sa nais nating maabot. Alin sa mga sumusunod na pahayag ang tamang layunin upang ito ay makamit  
A. Ang pagkakaroon ng makabuluhang buhay.  
B. Ang pagkakaroon ng katangian ng isang produktibong manggagawa  
C. Ang pagiging bahagi at pagbibigay ng ambag sa pagpapaunlad ng ekonomiya ng bansa  
D. Lahat ng nabanggit.
6. Ang paniniwala na “Ang lahat ng tao ay isinisilang na may taglay na kakaibang talento”, ay nagpapahayag ng katotohanan na\_\_\_\_\_  
A. lahat ay may angking talento na dapat linangin  
B. lahat ay pantay pantay sa paglinang ng kanilang talento  
C. ang mga tao ay isinisilang na may talentong taglay at ito ay unti-unting nawawala habang sila ay lumalaki.  
D. lahat ng tao ay may taglay na talento at angking kakayahan na dapat linangin at gamitin sa tamang pamamaraan upang makamit ang mithiin sa buhay

7. Alin sa mga sumusunod na mga talino o talento ang nagmula sa teorya na binuo ni Dr. Howard Gardner (1983)?
- I. Visual Spatial, Verbal/Linguistic, Mathematical/Logical
  - II. Bodily/Kinesthetic, Musical/Rhythmic
  - III. Intrapersonal, Interpersonal,
  - IV. Existential
- A. I, II & III      B. II, III & IV      C. I, II, III & IV      D. III & IV
8. Alin sa mga sumusunod na pahayag ang nagbibigay kahulugan sa kasanayan?
- A. Ang mga kasanayan o skills ay isa sa maituturing na mahalagang salik sa paghahanda sa iyong napiling kurso
  - B. Ang mga kasanayang ating tinutukoy ay ang mga bagay kung saan tayo ay mahusay at magaling
  - C. Ito ay iniuugnay sa mga salitang abilidad, kakayahan (competency) o kahusayan (proficiency).
  - D. Ang mga kasanayan o skills kung saan tayo mahusay at magaling ay tumutukoy sa abilidad, kakayahayan at kahusayan ng isang tao na mahalagang salik sa paghahanda sa napiling kurso at *career*.
9. Ang mga sumusunod ay nagpapakita ng katangian ng hilig MALIBAN sa isa.
- A. Si Sarah ay madalas nagtuturo ng mga takdang aralin sa ng kaniyang mga kapatid at mga kalaro sa kanilang tahanan tuwing Sabado at Linggo.
  - B. Nanonood ng larong basketball si Samuel sa palaruan tuwing bakasyon at madalas ay nakikilaro rin siya sa mga kapuwa niya kabataan.
  - C. Madalas tinutulungan ni Bela ang kaniyang ina sa mga gawaing bahay lalo na sa pagluluto. Inihahanda niya ang mga sangkap sa pagluluto habang tinatanong niya sa kaniyang ina ang mga paraan kung paano ito gagawin. Labis na natutuwa ang kaniyang ina sa ginagawa ng kaniyang anak.
  - D. Masasaya ang mga batang sama-samang gumuguhit ng mga larawan ng mga magagandang tanawin sa kanilang silid-aralan. Naglalaro din sila sa lugar palaruan pagkatapos ng mga aralin.
10. Alin sa mga sumusunod na pahayag ang mga layunin sa pagpili ng track o kurso.
- I. Ang pagkakaroon ng makabuluhang buhay.
  - II. Pagtataglay ng mga katangian ng isang produktibong manggagawa
  - III. Pagiging bahagi at pagbibigay ambag sa pagpapaunlad sa ekonomiya ng bansa
  - IV. Pagtupad sa kahilingan ng pamilya at pagkakaroon ng masayang buhay
- A. I, II & IV      B. I, II, & III      C. II, III & IV      D. I, III, & IV

## Aralin

# 9

## Kahalagahan ng Pagtutugma ng mga Personal na Salik at mga Kailanganin sa Pinaplanong Kurso o Track at Karera

Bilang mag-aaral, bakit nga ba mahalaga ang pagtutugma ng mga personal na salik at mga kailanganin sa pinaplanong kurso o track at karera sa inyong buhay sa hinaharap? Ano-ano ba ang mga planong nasa iyong isipan upang maabot at maisakatuparan mo ang iyong mga minimithing pangarap? Marahil ikaw ay nagdadalawang-isip sa mga kasagutan na nais mong ibigay.


Ngayon ay balikan natin ang nakalipas na aralin upang mabigyang linaw ang ilang mga katanungan sa iyong isipan.



### Balik-Aral

#### Gawain 1: BALIK-TANAW

**Panuto:** Suriin ang larawan at sagutin ang mga pamprosesong tanong.



Pamprosesong Tanong

1. Ano ang iniisip ni Pia sa larawan?
2. Sa iyong palagay, ano ang dapat pagtuunan ng pansin at pagyamanin ni Pia upang makamit nang tama ang kursong kaniyang pipiliin?



3. Kung ikaw si Pia, anong mga salik ang iyong bibigyang-pansin sa pagpili ng tamang kursong akademiko o teknikal-bokasyonal, negosyo o hanapbuhay? Bakit?




## **Tuklasin**

### **Gawain 2: MANGARAP KA**

**Panuto:** Isulat o iguhit sa loob ng ulap ang iyong pinapangarap na karera o negosyo balang araw. Sagutin ang mga sumusunod na tanong

1. Ito ba ay naaayon o tugma sa iyong mithiin?
2. Ito ba ay naaangkop sa iyong layunin sa buhay?
3. Ano-ano ang mga naging batayan mo sa pagpili ng iyong mithiin?



## **Suriin**

### **GAWAIN 3: BASA - SURI**

**Mga pansariling salik sa pagpili ng track/karera o kursong akademiko, teknikal-bokasyonal, sining, at disenyo at isports.**

*“Our time is very limited. Kailanganin nating imaximize ang kakayahan natin para maabot ang mga pangarap at hindi mauwi sa puro sana na lang”*

*Chinkee Tan*

*Author/Life Coach*

Ang etikal na pananaw na ito ay mahalagang pa ala-ala sa bawat isa. Mahalaga sa pagpili ng akmang karera o negosyo ang pagkilala sa sariling mga kakayahan, interes o hilig, pagpapahalaga at mithiin. Ang pagkakaroon ng malinaw

na pagkilala at ang pag sasaalang-alang ng mga ito ay nakatutulong upang magkaroon ng sapat na paghahanda o pagpapalano, tuon at pagsusumikap upang maabot ang minimithing pangarap.

### **Mga Salik sa Pagpili ng Tamang Track o Kurso**

1. Talento
2. Kasanayan (skills)
3. Hilig
4. Pagpapahalaga
5. Mithiin

#### **1. TALENTO**

- ❖ Ang talento ay isang pambihirang biyaya at likas na kakayahan na dapat tuklasin dahil ito ang magsisilbing batayan sa pagpili ng track o kursong akademiko o teknikal-bokasyonal, negosyo o hanapbuhay sa iyong pagtatapos sa Junior High School.

### **MGA TALINO O TALENTONG MULA SA TEORYA NA BINUO NI DR. HOWARD GARDNER (1983)**

- A. Visual Spatial
- B. Verbal/Linguistic
- C. Mathematical/Logical
- D. Bodily/Kinesthetic
- E. Musical/Rhythmic
- F. Intrapersonal
- G. Interpersonal
- H. Existential

#### **2. KASANAYAN (SKILLS)**

- ❖ Ang mga kasanayan o skills ay isa sa maituturing na mahalagang salik sa paghahanda sa iyong napiling kurso
- ❖ Ang mga kasanayang ating tinutukoy ay ang mga bagay kung saan tayo ay mahusay at magaling
- ❖ Ito ay iniuugnay sa mga salitang abilidad, kakayahan (competency) o kahusayan (proficiency)

#### **URI NG KASANAYAN**

- A. Kasanayan sa Pakikiharap sa mga Tao (People Skills)
- B. Kasanayan sa mga Datos (Data Skills)
- C. Kasanayan sa mga bagay-bagay (Things Skills)
- D. Kasanayan sa mga Ideya at Solusyon (Idea Skills)

### 3. HILIG

- ❖ Nasasalamín ito sa mga paboritong gawain na nagpapasaya sa iyo dahil gusto mo at buo ang iyong puso na ibigay ang lahat ng makakaya nang hindi nakakaramdam ng pagod o pagkabagot.

Hinati sa anim ni John L. Holland, isang sikolohista ang ***Jobs/Careers/Work Environments***. Ito ay ang mga sumusunod:

#### **A. Realistic**

- Ang mga taong nasa ganitong interes ay mas nasisiyahan sa pagbuo ng mga bagay gamit ang kanilang malikhaing kamay o gamit ang mga kasangkapan kaysa makihalubilo sa mga tao at makipagpalitan ng opinyon. Ang mga taong realistic ay matapang at praktikal, at mahilig sa mga gawaing *outdoor* o *gawaing panlabas*.

#### **B. Investigative**

- Ang mga trabahong may mataas na impluwensiya dito ay nakatuon sa mga gawaing pang-agham. Ang mga taong nasa ganitong interes ay mas gustong magtrabaho nang mag-isa kaysa gumawa ng may kasamang iba. Sila ay mayaman sa ideya at malikhain sa kakayahang pang-agham, isa na rito ang pananaliksik. Mapanuri, malalim, matalino at *task-oriented* ang mga katangian nila.

#### **C. Artistic**

- Ang mga taong may mataas na interes dito ay mailalarawan bilang malaya at malikhain, mataas ang imahinasyon at may malawak na isipan. Nasisiyahan ang mga taong may ganitong interes sa mga sitwasyon kung saan nakararamdam sila ng kalayaan na maging totoo, ng walang anomang istrukturang sinusunod at hindi basta napipilit na sumusunod sa maraming panuntunan. Nais nila ang mga gawaing may kaugnayan sa wika, sining, musika, pag-arte, pagsulat, at iba pa.

#### **D. Social**

- Ang mga ganitong grupo ay kakikitaan ng pagiging palakaibigan, *popular*, at responsable. Gusto nila ang interaksyon at pinaliligiran ng mga tao. Madalas mas interesado sila sa mga talakayan ng mga problema o sitwasyon at mga katulad na gawain, kung saan mabibigyan sila ng pagkakataong magturo, magsalita, manggamot, tumulong at mag-asikaso.

### ***E. Enterprising***

- Likas sa mga taong nasa ganitong grupo ang pagiging mapanghikayat, mahusay mangumbinsi ng iba para sa pagkamit ng inaasahan o target goals. Ang mga taong may mataas na interes dito ay madalas masigla, nangunguna at may pagkukusa ngunit kung minsan ay madaling mawalan ng pagtitimpi at pasensiya.

### ***F. Conventional***

- Ang mga grupo o pangkat ng mga taong may mataas na interes dito ay naghahanap ng mga panuntunan at direksyon; kumikilos nang naayon sa tiyak na inaasahan sa kanila. Sila ay maaaring mailarawan bilang matiyaga, mapanagutan at mahinahon. Masaya sila sa mga gawaing tiyak, may sistemang sinusunod, maayos ang mga datos at organisado ang rekord.

## **4. PAGPAPAHALAGA**

- ❖ Isa sa katangian ng taong may pagpapahalaga ay ang pagsisikap na abutin ang mga ninanais sa buhay at makapaglingkod nang may pagmamahal sa bayan bilang pakikibahagi sa pag-unlad ng ating ekonomiya.

## **5. MITHIIN**

- ❖ Sa huling pansariling salik na ito sa pagpili ng tamang track o kursong kukunin ay masasabing may malaking bahagi sa pagtamo ng iyong mga naisin naisin sa buhay. Dito na hinahamon ang iyong kakayahan upang maisakatuparan o gawing ganap ang iyong mithiin sa buhay.

## **MGA LAYUNIN SA PAGPILI NG TRACK O CORSO**

- ✓ Una, upang magkaroon ng makabuluhang buhay.
- ✓ Pangalawa, upang taglayin ang katangian ng isang produktibong manggagawa
- ✓ Pangatlo, upang makibahagi at makapagbigay ng ambag sa pagpapaunlad sa ekonomiya ng bansa.

## HALAGA NG PAG-AARAL SA PAGHAHANDA PARA SA PAGNEGOSYO O PAGHAHANAPBUHAY

Ngayong nasa high school ka na, mas mahihirap na ang mga asignatura mo. Mas komplikado na ang mga desisyong kailangan mong gawin at mga kinakaharap na sitwasyon.



Pero ano naman ang mangyayari sa kinabukasan mo kung hindi ka mag-aaral? Paano na lang ang iyong mga pangarap?

Ang mga taong may higit na mataas na kasanayan o may naipong higit na maraming mga kasanayan sa pamamagitan man ng pormal na edukasyon – akademiko o teknikal bokasyonal, o sa kaugnay na karanasan sa hanapbuhay ay higit na matagumpay sa job market. Malaki ang tiyansang maging maunlad ka sa larangan ng paghahanapbuhay maging ito man ay sa pamamasukan o sa pagtatayo ng sariling negosyo kung ikaw ay may higit na mataas na kasanayan o natapos na kurso – akademiko o teknikal-bokasyonal.



### Epekto ng Kawalan ng Edukasyon sa Pamumuhay sa Lipunan

Ang kawalan ng edukasyon ng marami nating kababayan ay nagpapalala sa mga krisis sa bansa; sa ekonomiya, politika, kalusugan at iba pa. Ayon sa pag-aaral ng EDCOM o ng 1993 Congressional Education Commission at ng 2003 Functional Literacy, Education and Mass Media Survey (FLEMMS), mahigit sa 3.8 milyong Pilipino ang “no read, no write”, at mahigit sa 9.2 milyon naman ang bahagya lang nakapag-aral o hindi nakatapos ng elementarya. Mas marami pa rito ang kahit na nakapag-aral ay hindi naman makapagsalita at makaintindi ng wikang Ingles. Kailangan pa rin natin ang sapat na kasanayan sa wikang ito para makasabay sa mga pagbabago sa demands sa job market. Ayon sa DOLE (2010), kasama sa mga Key Employment Generators ang Cyberservices, tulad ng pagiging call center agents at medical transcriptionist; medical tourism and health services at overseas employment. Kailangan sa mga trabahong ito ang kahusayan sa pagsasalita ng wikang Ingles. Sa survey naman ng Filipino Youth Study noong 2001, lumalabas na malayo pa rin ang mga Pilipino sa ideya ng EDCOM ng isang Pilipinong may sapat na edukasyon. Karamihan ng mga kabataan (65%) ang hindi sumasali o nakikilahok sa mga gawaing pansibika o pampamayanan. 37% lamang ang nakaaawit nang

wasto ng Pambansang Awit at 38% lang ang kayang bigkasin ang Panatang Makabayan.


Ang pag-aaral ay may napakalaking epekto sa lipunan ng tao. Sa pamamagitan ng edukasyon ay napalalaganap ang kaalaman at ang mga mahahalagang impormasyon sa buong mundo. Ang edukasyon ay pangunahing sangkap upang magkaroon ng pag-unlad ang isang bansa at gayundin upang mapanatili ang pag-unlad na ito.

Ngayon marahil ay kumbinsido ka na, na mahalagang matapos mo ang iyong pag-aaral. Higit na mahalaga sa ngayon na matapos mo ang high school nang sa gayo'y makapagpatuloy ka pa sa pagpapaunlad ng iyong mga kasanayan sa pamamagitan ng pormal na edukasyon – pang-akademiko o teknikal-bokasyonal, o sa pamamagitan ng patuloy na pagsasanay at paghahasa ng mga talento o kakayahan.

### **TANDAAN**

Sa pagkamit ng ating mga pangarap o mithiin, mahalaga na maitakda natin ito sa pamamagitan ng pamantayan. SMARTA (Sta.Maria, 2006)

- S** – Specific (Tiyak)
- M** – Measurable (Nasusukat)
- A** – Attainable (Naaabot/Makatotohanan)
- R** – Relevant (Makabuluhan)
- T** – Time-Bound (May itinakdang panahon)
- A** – Action - oriented (May kaakibat na pagkilos)



## ***Pagyamanin***

### **GAWAIN 4: Tayahin ang Iyong Pag-unawa**

**Panuto:** Sagutin ang mga tanong sa ibaba.


1. Nagagawa mo ba ang mga iminungkahing paraan ng pag-aaral? Pangatuwiranan.
2. Ano-anong mga konsepto ang natutuhan sa binasa? Ipaliwanag
3. Bakit mahalaga sa tao ang nakapag-aral? Ipaliwanag.
4. Paano nakapagpapaunlad sa bayan ang pagkakaroon ng mga mamamayang nakapag-aral? Ipaliwanag

### GAWAIN 5: ANG AKING TALENTO


Sa unang salik na nabanggit, Talino/Talento (Multiple Intelligences Theory), na binuo ni Dr. Howard Gardner (1983) ano sa palagay mo ang mga talento na iyong tinataglay. Ang larawan na nasa kahon ay ikaw. Kung ikaw ay lalaki isulat mo ang iyong mga katangian na naayon sa iyong kasarian. Kung ikaw naman ay babae ay isusulat mo rin ang iyong katangian ayon sa iyong kasarian. Isulat mo sa mga patlang ang mga talino o talento na iyong tinataglay. Isulat sa bilang 1 hanggang 6 ayon sa bahagdan ng talento na pinakamahusay hanggang sa mahusay.

Ako si \_\_\_\_\_.

Ang mga talentong aking tinataglay ay ang mga sumusunod:



1. \_\_\_\_\_
2. \_\_\_\_\_
3. \_\_\_\_\_
4. \_\_\_\_\_
5. \_\_\_\_\_
6. \_\_\_\_\_



### GAWAIN 6: ANO ANG WALA AKO

Sa mga salik na nabanggit, 1. talento, 2. kasanayan, 3. hilig, 4. pagpapahalaga, at 5. mithiin, anong salik ang dapat mong pagyamanin? Lagyan ng tsek ang mga salik na naaayon sa antas ng iyong tinataglay. Balikan ang mga salik sa Gawain 3: Basa Suri.

1. TALENTO	Wala	Dapat pang pagyamanin	Tinataglay	Mahusay
a. Visual Spatial				
b. Verbal/Linguistic				
c. Mathematical/Logical				
d. Bodily/Kinesthetic				
e. Musical/Rhythmic				
f. Intrapersonal				
g. Interpersonal				
h. Existential				
2. KASANAYAN (SKILLS)				

Kasanayan sa Pakikiharap sa mga Tao (People Skills)				
Kasanayan sa mga Datos (Data Skills)				
Kasanayan sa mga bagay-bagay (Things Skills)				
Kasanayan sa mga Ideya at Solusyon (Idea Skills)				
<b>3. HILIG</b>				
Realistic				
Investigative				
Artistic				
Social				
Enterprising				
Conventional				
<b>4. PAGPAPAHALAGA</b>				
Pagsisikap na abutin ang mga ninanais sa buhay				
Makapaglingkod ng may pagmamahal sa bayan bilang pakikibahagi sa pag-unlad ng ating ekonomiya				
<b>5. MITHIIN (layunin sa pagpili ng tamang track o kursong kukunin)</b>				
Pagkakaroon ng makabuluhang buhay				
Katangian ng isang produktibong manggagawa				
Magiging bahagi at magbibigay ambag sa pagpapaunlad sa ekonomiya ng bansa				

Binabati kita. Naisagawa mo ang pagtasa ng kakayahan na iyong tinataglay batay sa Mga Salik sa Pagpili ng Tamang Track o Kurso. Ang resulta ng **Gawain 6** ay nagpapakita ng iyong mga kawalan, dapat pang pagyamanin, tinataglay at mahusay sa mga salik na iyong nilagyan ng tsek. Napansin mo rin na hindi lahat ng salik ay nasa kawalan o mahusay na antas. Huwag kang mag-alala dahil may pagkakataon pa upang ang mga iyon ay pagyamanin.





## Isaisip

### GAWAIN 7: MGA DAHILAN

Ngayon ay napag-alaman mo ang mga antas ng kawalan at kahusayan sa mga salik. Isulat ang mga dahilan kung bakit ang mga salik na ito ay wala sa iyo o dapat mo pang pagyamanin.

Mga dahilan kung bakit ang mga salik na ito ay wala sa akin o dapat ko pang pagyamanin na kakailanganin ko (requirements) sa pinaplanong kurso o track, hanapbuhay o negosyo.

1. \_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_
2. \_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_
3. \_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_



## Isagawa

### GAWAIN 8: PLANO KO, AKSIYON KO

**Panuto:** Punan ng mga kinakailangang datos ang mga kahon sa ibaba, gawing gabay sa pagsulat ng mga plano at aksiyon ang mga halimbawa.

Pangarap (Mga minimithing Track/Karera, Negosyo o Trabaho)	Mga Pansariling salik na tugma at kailangang paunlarin para sa minimithing Karera, Negosyo o Trabaho	Gawain/hakbangin upang makamit ang pangarap	Time o Inaasahang petsa kung kailan mo ito maisasagawa /makakamit	Inaasahang kahihinatnan ng iyong buhay matapos mo itong makamit.
Halimbawa: Maging Guro	Interes: Mahilig magturo sa mga kaklase	Mag-aaral nang mabuti.	June , 2019 –April 2024	Makakatulong sa aking pamilya.
1				
2.				
3.				



## Tayahin

**Panuto:** Piliin ang titik ng tamang salita o pahayag na tinutukoy sa mga pangungusap sa ibaba. Isulat ang sagot sa iyong kwaderno.

### A. Unang Bahagi

- Ang mga sumusunod ay nagpapakita ng katangian ng hilig MALIBAN sa:
  - Si Sarah ay madalas nagtuturo ng mga takdang aralin sa kanyang mga kapatid at mga kalaro sa kanilang tahanan tuwing Sabado at Linggo.
  - Nanunuod ng larong basketball si Samuel sa palaruan tuwing bakasyon at madalas ay nakikilaro din siya sa mga kapwa niya kabataan.
  - Madalas tinutulungan ni Bela ang kanyang ina sa mga gawaing bahay lalo na sa pagluluto, inihahanda niya ang mga sangkap sa pagluluto habang tinatanong niya sa kanyang ina ang mga paraan kung paano ito gagawin. Labis na natutuwa ang kanyang ina sa ginagawa ng kaniyang anak.
  - Masasaya ang mga batang sama samang gumuguhit ng mga larawan ng mga magagandang tanawin sa kanilng silid aralan. Naglalaro din sila sa lugar palaruan pagkatpos ng mga aralin.
- Alin sa mga sumusunod na pahayag ang mga layunin sa pagpili ng track o kurso.
  - Ang pagkakaroon ng makabuluhang buhay.
  - Pagtataglay ng mga katangian ng isang produktibong manggagawa
  - Pagiging bahagi at pagbibigay ambag sa pagpapaunlad sa ekonomiya ng bansa
  - Pagtupad sa kahilingan ng pamilya at pagkakaroon ng masayang buhay

A. I, II & IV      B. I, II, & III      C. II, III & IV      D. I, III, IV
- Ito ay tumutukoy sa isang pambihirang biyaya at likas na kakayahan ng isang tao.

A. Talento                      B. Hilig                      C. Interes                      D. Mithiin
- Isa sa mga maituturing na mahahalagang salik sa paghahanda kung saan tayo ay mahusay at magaling.

A. Talent    C. Mithiin  
B. Interes    D. Pagpapahalaga
- Isa sa mga katangian na dapat nating taglayin upang maabot ang mga ninanais natin sa buhay at makapaglingkod nang may pagmamahal sa bayan bilang pakikibahagi sa pag-unlad ng ating ekonomiya.

B. Interes                      B. Pagpapahalaga                      C. Mithiin      D. Talent

6. Sa pagkakamit ng ating mga pangarap o mithiin, mahalaga na maitakda natin ito sa pamamagitan ng pamantayan. Sa mga sumusunod na hakbang alin ang HINDI kabilang.
- Tiyak o Specific
  - Nasusukat O Measurable
  - Naaabot o Attainable
  - Naisasagawa/Naisasabuhay
7. Mahalaga ring maitakda natin ang ating mga layunin sa pagkamit ng ating mga mithiin o pangarap na nakatuon sa nais nating maabot. Alin sa mga sumusunod na pahayag ang **tamang** layunin upang ito ay makamit
- Ang pagkakaroon ng makabuluhang buhay.
  - Ang pagkakaroon ng katangian ng isang produktibong manggagawa
  - Ang pagiging bahagi at magbibigay ambag sa pagpapaunlad ng ekonomiya ng bansa
  - Lahat ng nabanggit
8. Ang paniniwala na “Ang lahat ng tao ay isinisilang na may taglay na kakaibang talento” ay nagpapahayag ng katotohanan na\_\_\_\_\_
- lahat ay may angking talento na dapat linangin
  - lahat ay pantay pantay sa paglinang ng kanilang talento
  - lahat ng tao ay may taglay na talento at angking kakayahan na dapat linangin at gamitin sa tamang pamamaraan upang makamit ang mithiin sa buhay
  - ang mga tao ay isinisilang na may talentong taglay at ito ay unti unting nawawala habang sila ay lumalaki.
9. Alin sa mga sumusunod na mga talino o talento ang nagmula sa teorya na binuo ni Dr. Howard Gardner (1983)?
- Visual Spatial, Verbal/Linguistic, Mathematical/Logical
  - Bodily/Kinesthetic, Musical/Rhythmic
  - Intrapersonal, Interpersonal,
  - Existential
- A. I, II & III      B. II, III & IV      C. I, II, III & IV      D. III & IV
10. Alin sa sumusunod na pahayag ang nagbibigay- kahulugan sa kasanayan?
- Ang mga kasanayan o skills ay isa sa maituturing na mahalagang salik sa paghahanda sa iyong napiling kurso
  - Ang mga kasanayang ating tinutukoy ay ang mga bagay kung saan tayo ay mahusay at magaling
  - Ito ay iniuugnay sa mga salitang abilidad, kakayahan (competency) o kahusayan (proficiency).
  - Ang mga kasanayan o skills kung saan tayo mahusay at magaling ay tumutukoy din sa abilidad, kakahayan at kahusayan ng isang tao ay mahalagang salik sa paghahanda sa napiling kurso at *career*.



## ***Karagdagang Gawain***

Upang higit na maging malalim ang iyong pag-unawa sa ating aralin tungkol sa mga salik na kakailanganin sa pagkuha ng kursong akademiko, career o trabaho, magsaliksik o mag-*research* sa internet ng mga kuwento ng tagumpay dahil sa pagsusumikap sa pag-aaral o mga kuwento ng pagpapahalaga sa edukasyon: (Maaari ring gumupit sa mga pahayagan at magasin kung walang *access* sa *internet*).



## ***Susi sa Pagwawasto***

Bilang	1	A	D
	2	B	B
	3	B	A
	4	D	B
	5	D	B
	6	C	D
	7	C	D
	8	D	C
	9	D	C
	10	B	D

## **Sanggunian**

- Kagawaran ng Edukasyon, Edukasyon sa Pagpapakatao Gabay Pangkurikulum, Lungsod ng Pasig, Pilipinas, 2016, pp. 103-104
- Kagawaran ng Edukasyon, Edukasyon sa Pagpapakatao Gabay Kagamitan ng Mag-aaral (Ikalawang Bahagi) Lungsod ng Pasig, Pilipinas, 2012, pp. 122 – 146

- Mga Pansariling Salik Sa Pagpili ng Tamang Track o Kurso

Mga mungkahing maaaring puntahang *website*:

<http://www.virlanie.org/who-we-are/success-stories/>

<http://www.sdef.org/success.html>

- Mga kuwento ng pagpapahalaga sa edukasyon

Mga mungkahing maaaring puntahang *website*:

<http://abcnews.go.com/GMA/LifeStages/story?id=3167970>

<http://www.guideposts.org/celebrities/inspirational-story-kate-snow-and-worlds-oldest-student>

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)